# GANUN PALA






Kwento ni Katrina Navarro
Guhit ni Victoria Esquillo

AHA! Learning Center
komiket
THE FILIPINO KOMIKS AND ART MARKET


SAMUT'S SARI-SARI
LASANG SAYA
UY, JOEY!
JOEY! GOOD MORNING!
HUH?
...
HMPH!!!
HUH? BAKIT?
HUY JOEY!
GALIT KA BA SAKIN?


GALIT?
NAKO HINDI.
BAKIT KA GALIT? ANONG GINAWA KO?
NAKALIMUTAN MO NA BA YUNG NANGYARI KAHAPON?
KAHAPON?
HAY NAKO, KATYA
HMPH!
NAKU, GALIT NGA SI JOEY. BAKIT KAYA? ANO BANG GINAWA KO? ANO NGA BA NANGYARI KAHAPON?
KAHAPON...
KATYA! KATYA!
O, JOEY!
ANONG MERON?
KATYA, MAY JOKE AKO...
SIGE NGA...
KNOCK-KNOCK...
WHO'S THERE?
BA
BA-WHO?
HUY, GRABE KA NAMAN, NALIGO AKO, A! HINDI AKO MABAHO!
HEEEEEH. ANG CORNY MO NAMAN, JOEY E!
ITO,ITO
ANO ANG PANGALAN NG DUCK NA KUMAKANTA?
DUCK NA KUMAKANTA?
ANO?
BIBE BIBE BIBE OOHHHHH~
JUSTIN...
JUSTIN...BIBE!
HAHAHA!


HEHE OKAY... MEDYO NAKAKATAWA YUN.
PERO CORNY MO PA RIN.
OO, ETO, ETO, TOTOO...
PAKITA KO SAYO
MARUNONG NA AKO MAG-JUGGLING!
JAMSPORT
JAMSPORT
JUGGLING?
OO, ITO O...
BALL NUMBER 1, BALL NUMBER 2, BALL NUMBER 3!
KAYA KO SILANG IHAGIS SA ERE TAPOS SASALUHIN KO ISA-ISA NANG PAULIT!
TALAGAAAA?
TIGNAN MO...
ISA, DALAWA, TATLO!
HUP!
HUP!
HUP!
THUD
ARAY!
HAHAHA!
GANYAN PALA ANG JUGGLING!
SABAY-SABAY ANG PAGLALAGLAG SA ULO?
HAHAHAHA! AYAN ANG TALAGANG NAKAKATAWA
IKAW TALAGA, JOEY, PALABIRO KA TALAGA!
AH, EH...
HAHAHA!


NGAYON
PARANG WALA NAMANG KAKAIBANG NANGYARI?
NAGBIBIRUAN LANG ULIT KAMI NI JOEY, TULAD NG DATI. BAKIT KAYA SYA NAGALIT?
HAY
TEKA...
GASP
ITO PALA ANG DASTER NI NANAY
NAY! ANO KAYA ANG PWEDE KONG GAWAIN?
KUNG IKAW ANG NANDITO, ANO KAYA ANG GAGAWIN MO?
SUOTIN KO KAYA, BAKA MAGKARON NA NAMAN AKO NG SUPERPOWERS
WHOOOSH
AYAN, SUOT KO NA
SIGE NGA, ISIPIN KO NGA ULIT YUNG NANGYARI...ANO KAYA YUNG PANANAW NI JOEY SA MGA NANGYARI KAHAPON?


TIGNAN MO...
ISA, DALAWA, TATLO!
HUP!
HUP!
HUP!
THUD
ARAY!
HAHAHAHA! GANYAN PALA ANG JUGGLING! SABAY-SABAY ANG PAGLALAGLAG SA ULO?
HAHAHAHA! AYAN ANG TALAGANG NAKAKATAWA! IKAW TALAGA, JOEY, PALABIRO KA TALAGA!
AH
EH...
GRABE NAMAN ITONG SI KATYA, PINAGTAWANAN PA AKO. AKO NGA YUNG NASAKTAN. INAALIW KO LANG NAMAN SYA KASI MUKHANG PAGOD NA SYA MAGWALIS.
BUTI NGA NAGISIP KO PA SYANG PASIYAHIN
TAPOS PAGTATAWANA N LANG AKO
AYOKO NA NGA SYA PANSININ. AYOKO NA RIN SYANG PATAWANIN.
MASASAKTAN LANG AKO E. HMPH.
AKALA KO PA NAMAN KAIBIGAN KO SYA...
HMPH!


NGAYON...
HALA NAKO!
NASAKTAN KO PALA SI JOEY NUNG NATAWA AKO SA KANYA!
AKALA KO KASI SINASADYA NYA LANG YUN... HINDI PALA
NAKU NAKU! KELANGAN KONG KAUSAPIN SI JOEY...
FWOOSH
JOEY!
JOEY! SANDALI!
MAY SASABIHIN AKONG IMPORTANTE!
PLEASE, JOEY, SANDALI!
O, ANO YUN? PAGTATAWANAN MO NANAMAN AKO?
HINDI, JOEY
PANT PANT
SA KATUNAYAN...JOEY, HIHINGI SANA AKO NG PATAWAD.


SOBRANG SORRY, JOEY. NUNG INALALA KO YUNG NANGYARI KAHAPON GAMIT ANG PANANAW MO, NAINTINDIHAN KO BIGLA KUNG BAKIT KA NAGALIT.
DAHIL PA TUMAWA AKO NUNG NASAKTAN KA?
OO, KATYA!
PINAPATAWA LANG KITA KAHAPON KASI NAKITA KONG PAGOD KA
TAPOS NUNG NASAKTAN AKO SA JUGGLING, PINAGTAWANAN MO PA AKO.
BAKIT MO GINAWA YUN?
NASAKTAN NGA ULO KO, NASAKTAN PA DAMDAMIN KO.
NAKU, JOEY. SORRY TALAGA. SOBRANG SORRY. SORRY NA PINAGTAWANAN KITA AT NASAKTAN KA TULOY.
NAGAWA KO YUN KASI AKALA KO TALAGA KASAMA LANG YUNG PAGLAGLAG NG MGA BOLA SA PAGPAPATAWA MO.
HINDI KO NAISIP NA NASAKTAN KA TALAGA. ALAM KO NA NGAYON NA HINDI KO DAPAT NAGAWA YUN. DAPAT INISIP KO MUNA YUNG KAPAKANAN MO, NA NASAKTAN KA PALA.
PANGAKO, HINDI KO NA GAGAWIN YUN.
PASENSYA KA NA TALAGA.
GANUN BA?


OKAY NA, KATYA
SALAMAT, HA
SABAGAY, BAKA HINDI KO DIN KASI PINAHALATA NA TALAGANG NASAKTAN AKO.
DAPAT DIN SINABI KO NA LANG SA YO IMBES NA SINUNGITAN KANINA.
PASENSYA KA NA RIN, KATYA, HA.
OKAY LANG YUN.
MAHIRAP TALAGA KAPAG SARILI LANG NATIN ANG INIISIP NATIN E 'NO?
OO NGA
PERO TAMA KA, KATYA, DUN SA SINABI MO SINUBUKAN MONG MAKITA YUNG NANGYARI GAMIT ANG PANANAW KO
MASKI AKO, NAINTINDIHAN KO DIN NA HINDI MO SINASADYA YUNG NANGYARI, NUNG NAKITA KO RIN YUNG PANANAW MO.
SO...BATI NA TAYO, HA?
BATI NA TAYO!
TURUAN MO AKO MAG-JUGGLING...
SIGE, SABAY NATING PAG-ARALAN...
ALAM MO NAMAN...BAKA MALAGLAG YUNG MGA BOLA...
END